

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

DISASTER PREVENTION, KAILANGANG PAG-USAPAN NG BUONG MAG-ANAK

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～家庭で防災について話し合おう～

Hindi natin masasabi kung kailan maaaring dumating ang Tokai Earthquake. Ito ay corner ng pagbibigay ng impormasyon ukol sa disaster prevention. Para sa kapakanan nating mga dayuhan upang hindi maging malala ang maging biktima ng disaster ay naglalaan kami ng mga impormasyon tulad sa mga pamamaraan upang maprotektahan ang ating sarili, paghahanda bago at matapos maganap ang lindol at mga bagay na dapat gawin.

Upang maiwasang maging malala ang biktima sa lindol ay kailangan natin ang regular na paghahanda. Para sa kapakanan ng buong mag-anak ay kailangan magkaroon ng katungkulan ang bawa't isa ukol sa kanilang mga gawain sa pang-araw-araw na paghahanda sa lindol at sa oras na matapos ito.

Bilang parte ng pang-araw-araw na paghahanda, Kailangang ihanda sa puwesto na madaling makuha ang mga emergency item na dadalhin sa oras na kailangang mag-evacuate at kailangang mag-stock ng mga pagkain at tubig na sapat para sa 3 araw o higit pa. Kailangang i-check din ang mga expiration date ng mga naka-stock na emergency goods tulad ng inumin, pagkain at baterya. Palitan ito ng bago kung kinakailangan. Sakali mang dumating ang lindol, kailangang pag-usapan na ng buong mag-anak ang mga katungkulan tulad sa seguridad ng mga kasamang may-edad, bata at mga may sakit, ang pag-check ng apoy, pagdadala ng emergency item bag at marami pa.

Hindi rin natin masasabi na kasama natin ang ating pamilya sa oras na magkalindol. Para sa paghahanda sa oras na lumindol, gumawa ng listahan ng telepono ng mga maaaring makontak na kamag-anak o kaibigan. Kung kailangang mag-evacuate, mag-iwan ng memo tulad sa pintuan ng bahay upang maipaalam ang kalagayan at kung saang lugar nag-evacuate o pag-usapan ang iba pang pamamaraan ukol sa pagko-kontakan. Kailangang siyasatin din ng buong mag-anak ang lugar at daan ng evacuation area.